

Q&A tungkol sa mga kinakaharap na mga problema

Para sa mga namomoblema dahil sa legal na problema
Huwag mag alinlangan tumawag sa Houterasu

Houterasu Multilingual Information Service

0570-078377

Karaniwang araw (maliban sa pagtatapos at bagong taon)
Mula 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon Ikokonekta ka ng isang interpreter sa opisina ng Houterasu na iyong ninanais at mag-iinterpret.

◆ Mga sinusuportahang wika ◆

Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portuges, Vietnamese
Tagalog, Nepali, Thai, Indones

- Ang bayad sa pagtawag ay naiiba depende sa uri ng telepono na ginamit, kontrata, at distansya.
- Hindi maaaring kumonekta sa numerong ito mula sa ibang bansa.
- Magsisimula kami sa pagtugon sa wikang Indones sa Enero 2021.

Ang Japan Legal Support Center (Houterasu) ay isang pampublikong korporasyon ng itinatag ng gobyerno.
Para sa mga detalye, tingnan ang website ng Houterasu.
<https://www.houterasu.or.jp/site/foreign-nationals/>



Tirahan

Nakalimutan kong magbayad ng renta, kaya sinabihan ako ng landlord na umalis sa tinitirhan. Kailangan ko bang umalis sa aking tinitirhan?

Nakasalalay kung kailangan mong isuko ang iyong tinitirhan sa kung mayroong bang hindi bayad na renta na maaaring nakasira ng pagtitiwala sa pagitan ng landlord at ng tenant. Karaniwan, kung mayroong pagkaantala na tatlong buwan o higit pa, ipinapalagay na nasira ang pagtitiwala.

Samakatuwid, kung nakalimutan mong magbayad ng renta ng isang beses lamang, hindi mo kinakailangan isuko ang iyong tinitirhan. Kahit na mayroong espesyal na usapin na isusuko kaagad ang tinitirhan kung mayroong pagkaantala na kahit na isang beses, maaaring itong maging invalid.

Para sa mga detalye, kumunsulta sa mga eksperto tulad ng mga abugado o judicial scrivener.

Nang umalis ako sa apartment, ang wallpaper sa likod ng ref ay bahagyang nangitim dahil sa pagkasunog ng kuryente. Natagpuan ito ng landlord at sinisingil ako ng kabayaran kapalit ng wallpaper. Kailangan ko bang magbayad?

Kapag aalis sa inuupahan, obligado ang tenant na ibalik ang mga kagamitan sa orihinal na estado pareho ng bago ka nanirahan rito.

Ang obligasyon na ibalik ang mga kagamitan sa orihinal na estado ay karaniwang nangangahulugan na aayusin ang mga sira, mantsa, pagkapudpod dahil sa sinadya o kapabayaang ng tenant, paglabag sa obligasyon sa pag-iingat na karaniwang inaasahan sa mga tenant, at bilang karagdagan, ang paggamit higit sa karaniwan. Hindi ito nangangahulugan na “ibalik sa bagong kondisyon.” Samakatuwid, isaalang-alang na hindi kailangan akuin ng tenant ang gastos sa pag-aayos ng mga sira, mantsa, at pagkapudpod na gawa ng tinaguriang pagkatanda at karaniwan na paggamit dahil kasama na ito sa renta.

Dahil dito, ang pagkasunog ng kuryente sa wallpaper sa likuran ng mga kagamitang de-kuryente tulad ng ref ay isang karaniwang na kaganapan kahit na sa karaniwang pamumuhay ng isang tenant, kaya ang obligasyon ng pag-aayos ay hindi responsibilidad ng tenant kundi ng landlord. Gayunpaman, nakasalalay sa kondisyon ng mga kagamitan sa inuupahan at sa sitwasyon ng paggamit ng tenant kung may paglabag sa obligasyon na ibalik ang mga kagamitan sa orihinal na estado, kaya matapos ihanda ang kontrata sa renta, nakaprint na paliwanag ng mga importanteng bagay, mga larawan na kinuha nang tumira at umalis sa tinitirhan, quotation para sa bayad sa pag-aayos ng mga kagamitan, bayad sa paglilinis, atbp., makabubuting kumunsulta sa abugado o judicial scrivener para sa mga detalye.

Pagpapahiram at paghiram ng pera

Nagpapahiram ako ng pera sa kasamahan ko sa trabaho, ngunit sinabi niya na hindi na kailangan ibalik ito dahil hindi naman nakagawa ng promissory note. Ano ang dapat kong gawin?

Ang isang kontrata na naglalaman ng pagpapahiram at paghiram na pera (loan agreement) ay valid kapag sumang-ayon ang nanghihiram na ibabalik ang pera sa nagpapahiram kahit na walang ginawang dokumento tulad ng promissory note.

Samakatuwid, maaaring hilingin ng nagpapahiram sa nanghihiram na isauli ang pera pagdating ng deadline ng pagbabayad kahit walang ginawang promissory note. Kung tumanggi magbayad ang nanghihiram, maaari kang humiling ng pagbabayad sa pamamagitan ng sertipikadong koreo, o gumamit ng pamamaraang civil conciliation o civil trial.

Gayunpaman, kapag gagamit ng pamamaraan sa korte tulad ng civil trial, dapat patunayan ng nagpapahiram na may pag sang-ayon sa pagitan nito at ng nanghihiram na ibabalik ang pera (nagtaguyod ng isang loan agreement). Isa sa mga pinakamalakas na patunay na nagpapahiram ng pera ay ang promissory note kung saan nakasaad ang mga partido sa kontrata, halaga ng perang pinahiram, pagtanggap ng pera ng nanghihiram, pamamaraan at deadline ng pagbayad, atbp.

Kahit na walang promissory note, maaaring mapatunayan na nagtaguyod ng isang loan agreement sa pamamagitan ng iba pang pagpapatunay tulad ng testimonya ng kakilala na naroroon sa lugar na isinagawa ang pagpapahiram at paghiram ng pera o email, kaya makabubuting kumunsulta sa abugado o judicial scrivener para sa mga detalye.

Namomoblema ako dahil hindi ko mabayaran ang aking utang. Ano ang dapat kong gawin?

Kung hindi mo mababayaran ang iyong utang, nangangahulugan ito na hindi balanse ang iyong kita at gastos. Inirerekomenda namin ang muling pagsasaayos ng iyong utang (adjustment of debts). Kung nahihirapan ka gawin ito ng iyong sarili, isaalang-alang na kumunsulta sa mga eksperto upang mag magsaayos nito.

Para sa pagsasaayos ng utang, kinakailangan munang kumpirmahin hindi lamang ang pera na hiniram (utang) kundi pati ang eksaktong halaga ng kabuuang utang kabilang ang iba't ibang hindi pa nababayaran, mga naantalang bayad, atbp.

Kung ikaw ay nagbabayad ng utang na may mataas na rate ng interes sa mahabang panahon, maaaring nagbabayad ka ng labis na interes (labis na pagbayad) kapag muling kinalkula ang rate ng interes na dapat mong bayaran. Kung mayroong labis na pagbayad, maaari makuha ito pabalik at kalkulahin ang iyong utang.

Sa kabilang banda, kung walang labis na pagbayad, o kung may natitirang utang kahit na kinalkula na ang labis na pagbayad, bilang pamamaraan ng pagsasaayos ng natitirang utang, isaalang-alang ang mga pamamaraan tulad ng voluntary liquidation, individual rehabilitation, personal bankruptcy, atbp.

Ang voluntary liquidation ay ang direktang pakikipag-negosasyon ng institusyong pampinansyal sa mga

eksperto tulad ng abugado o judicial scrivener upang mapagpasyahan ang hinaharap na halaga at pamamaraan anuman ang pamamaraan sa korte. Dahil ito ay isang pamamaraan upang malutas ang problema sa pamamagitan ng pakikipag-usap, may mga kaso na hindi naaayos ang pakikipag-usap at hindi maaari ang voluntary liquidation.

Ang individual rehabilitation ay isang pamamaraan sa korte. Ang kabuuang halaga ng utang ay mababawasan dahil sa pamamaraan na itinakda ng Civil Rehabilitation Act. Pagkatapos nito, ang binawas na halaga ay babayaran ng installment sa loob ng 3 taon bilang prinsipyo. Bilang karagdagan, mayroong espesyal na patakaran na hindi mo kinakailangan bitawan ang iyong pamamahay kung saan may natitirang ka pang mortgage. Gayunpaman, kinakailangan ng tiyak na halaga ng regular na kita upang magamit ang individual rehabilitation.

Ang personal bankruptcy rin ay isang pamamaraan sa korte. Kapag ang halaga ng utang (utang, naantalang bayad, atbp.) ay malaki hinggil sa pag-aari at kita, at hindi posible na mababayaran, ang layunin nito ay pagkakaroon ng exemption sa pagbabayad (exemption mula sa responsibilidad). Kung mayroong malaking halaga ng pag-aari tulad ng real estate, bago ang pamamaraan ng exemption mula sa responsibilidad, ieestimahin ito at ibigay sa bawat creditor. Walang estimasyon sa mga pang araw-araw na pangangailangan na kinakailangan sa pang araw-araw na pamumuhay.

Gayundin, ang paghiram mula sa isang lender na hindi nakarehistro bilang negosyo na nagpapahiram ng pera, o mula sa iligal na lender na nagpapahiram sa rate ng interes na mas mataas kaysa sa rate ng interes na nakasaad sa batas ay hindi valid.

Pinakiusapan ako ng aking kaibigan na maging tagagarantiya ng utang. Hindi ko pa nasasabi na tatanggapin ko ito, ngunit ano ang mga dapat kong pag-ingatan.

Suriin nang mabuti ang kontrata tungkol sa nilalaman ng kontrata ng paggarantiya tulad ng halaga ng garantiya, panahon ng katuparan, uri ng garantiya, atbp., at dapat maingat na pagpasyahan kung maaari mong ba talagang tuparin ang obligasyon bilang tagagarantiya kung sakaling ang iyong kaibigan (pangunahing may utang) ay hindi mababayaran ang kanyang pangunahing utang.

Bilang karagdagan sa ordinaryong garantiya, may mga uri ng garantiya tulad ng joint and several guarantee kung saan may pakikiisa ng responsibilidad sa utang sa pangunahing may utang, at revolving guarantee kung saan patuloy na ginagarantiyahan ang hindi natutukoy na utang sa loob ng isang tiyak na saklaw (garantisadong limitasyon), at naiiba ang nilalaman ng bawat garantiya.

Ni kontrata sa garantiya ay magiging epektibo maliban kung ito ay nakasulat (o electro magnetic record kung saan naka-record ang mga nilalaman nito). Kung ang isang indibidwal ay partikular na naging tagagarantiya ng pangunahing utang para sa negosyo, maliban sa ilang mga kaso tulad ng kung naging taga garantiya ang opisyal o direktor ng pangunahing may utang, atbp., ang hangarin na garantiya ay dapat kumpirmahin ayon sa notarized deed. Bilang karagdagan, ang pangunahing may utang ay obligadong magbigay ng impormasyon sa taong hiniling niyang maging tagagarantiya tungkol sa sitwasyon ng sariling pag-aari at kita, kung mayroon o walang ibang utang at nilalaman nito, at kung mayroon o walang ibang collaretal at nilalaman nito. Batay sa impormasyon na gaya nito, mas makabubuting maingat na isaalang-alang ang mataas na peligro ng pagiging isang tagagarantiya.

Tungkol sa pamilya

Iniisip kong makipag diborsyo na may pagsang-ayon sa aking asawang Hapon. Anong mga kinakailangan na pamamaraan?

Kung ang mag-asawa ay Hapon na naninirahan sa Japan, maaaring ilapat ang batas sibil ng Japan at makipag diborsyo na may pagsang-ayon. Ang diborsyo na may pagsang-ayon ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagsumite ng divorce notice at kopya ng family register sa tanggapan ng munisipyo (hindi na kinakailangan kung nakatira sa parehong munisipyo kung saan permanenteng naninirahan).

Gayunpaman, hindi gaano karami ang mga bansang nagpapatupad ng sistema ng diborsyo na may pagsang-ayon kung saan ang diborsyo ay itinaguyod lamang kapag ang parehong partido ay may pagsang-ayon. Samakatuwid, kung ang diborsyo na may pagsang-ayon ay hindi kinikilala ayon sa batas ng bansa ng dayuhang asawa, ang sitwasyon ay magiging “Ang diborsyo ay itinatag sa Japan, ngunit hindi itinatag sa bansa ng dayuhang asawa.” Dahil rito, kahit na pareho kayong sang-ayon sa diborsyo, sa halip na diborsyo na may pagsang-ayon, kinakailangan gumawa ng paraan para isali ang korte (divorce by mediation in family court, divorce by decision in family court, divorce by decision in district court). Tungkol sa pamamaraan at sistema ng batas sa bansa ng dayuhang asawa, makipag-ugnayan sa konsulado ng iyong bansa sa Japan, atbp.

Gayundin, kapag magdidiborsyo, kinakailangan na maingat na pagpasyahan ang awtoridad ng pagiging magulang, gastos sa pangangalaga ng mga bata, pagbabahagi ng mga pag-aari, alimony, atbp., kaya’t mangyaring kumunsulta sa abugado.

Nanirahan ako sa Japan sa ilalim ng katayuan ng paninirahan na “Asawa ng Hapon, atbp.” Maaari pa ba akong manatili sa Japan pagkatapos ng diborsyo?

Una sa lahat, kung ang dayuhan na naninirahan sa ilalim ng katayuan ng paninirahan na “Asawa ng Hapon, atbp.” o “Asawa ng permanenteng residente,” kinakailangan magbigay-alam sa Minister of Justice sa pamamagitan ng pagpapakita sa opisina ng lokal na Immigration Bureau o koreo sa Tokyo Immigration Bureau sa loob ng 14 araw mula ng pagdiborsyo. Mayroong panganib na mawala ang iyong katayuan ng paninirahan kapag hindi mo ito gagawin.

Susunod ay mag-apply ka para sa pagbabago ng iyong katayuan ng paninirahan na sa tingin mo ay natugunan mo ang mga kinakailangan ng ibang katayuan ng paninirahan.

Kapag ang isang dayuhan nagnanais manirahan ng matagal sa Japan ay mayroong menor de edad at walang asawa sa kanyang asawang Hapon na anak, at talagang pinapalaki at inaalagaan ang bata bilang may awtoridad ng pagiging magulang, at nakumpirma na kinakailangan ng suporta sa Japan sa hinaharap, pahihintulutan ito na baguhin ang katayuan ng paninirahan sa “Long Term Resident.”

Bilang karagdagan, kahit na wala kang sitwasyon tulad ng nasa itaas at hindi mo natugunan ang mga kondisyon, kung mahaba ang panahon na nanirahan ka sa Japan bilang “Asawa ng Hapon, atbp.,” maaaring pahintulutan ka na baguhin ang iyong katayuan ng paninirahan dahil sa “espesyal na dahilan” na kinakailangan para sa “Long Term Resident.”

Kung nag-aalala ka tungkol sa iyong katayuan ng paninirahan, kumunsulta sa mga eksperto tulad ng abugado, atbp., at tumanggap ng naaangkop na payo batay sa pagpapatakbo ng Immigration Bureau at judicial precedent.

Dumaranas ako ng karahasan mula sa aking asawa. Ano ang dapat kong gawin?

Ang karahasan mula sa asawa (DV) ay isang seryosong karapatang pantao, kabilang ang mga gawaing kriminal. Kung pakiramdam mong ikaw ay nasa panganib, kumunsulta muna sa pulisya o sa Spousal Violence Counseling and Support Center (mayroon itong iba't ibang pangalan tulad ng Women's Center, Gender Equality Center, atbp.), at humingi ng tulong. Maaari kang kumunsulta tungkol sa paglilipat sa pansamantalang tirahan (shelter) sa Spousal Violence Counseling and Support Center. Bilang karagdagan, isaalang-alang ang kaso na maaaring hindi makuha ang kooperasyon ng iyong asawa tungkol pamamaraan na nauugnay sa paninirahan, tulad ng pagpapahaba ng panahon ng pananatili sa hinaharap, at mas makabubuting iulat sa Immigration Bureau na dumaranas ka ng DV.

Depende sa sitwasyon, maaari kang umapela sa lokal na korte upang mag-isyu ng utos na pinagbabawal ang pagsunod o gumala malapit sa iyong tirahan o pinagtatrabahuan, atbp., ang iyong asawa (restraining order), utos na pansamantalang papaalisin sa tirahan ang asawa (exclusion order), utos na pinagbabawal ang paglapit sa mga anak, utos na pinagbabawala ng paglapit sa mga kamag-anak, atbp., at utos na pinagbabawal ang pagtawag sa telepono, atbp. Gayundin, maaari kang magsampa ng criminal complaint kung ang iyong asawa ay gumawa ng karahasan sa iyo o kung ikaw ay nasugatan dahil sa karahasan. Inirerekomenda namin na kumunsulta sa abugado tungkol sa mga pamamaraan at kung ano ang maaari mong gawin ayon sa batas.

Gayundin, nagbibigay ang Houterasu ng legal na konsultasyon ukol sa pag-iwas sa pinsala sa mga biktima ng DV, anuman ang kita o pag-aari (DV victim's legal consultation assistance services). Para sa mga gustong gamitin ito, tumawag sa Multilingual Information Service (0570-078377), at kumunsulta sa pinakamalapit na lokal na opisina ng Houterasu (kung nakakapagsalita ka ng wikang Hapon, maaari ding gamitin ang numero ng Crime Victims Support (0570-079714)).

Problema sa trabaho

Hindi ako binabayaran ng sahod ng aking employer. Ano ang dapat kong gawin?

Isaalang-alang ang mga sumusunod na hakbang.

- (1) Singilin mo ang iyong employer na bayaran ang iyong sahod sa pamamagitan ng sertipikadong koreo.
- (2) Mag-ulat sa Labour Standards Inspection Office at humingi ng gabay sa iyong employer.
- (3) Magsampa ng demanda o ng pamamaraan ng paglilitis para sa pagbayad ng hindi nabayarang sahod sa korte.

Dahil obligado ang employer na magbayad ng sahod sa mga manggagawa bilang kabayaran sa kanilang pabtatrabaho, ito ay isang paglabag sa kontrata sa trabaho kung hindi nagbabayad ang employer ng sahod. Gayunpaman, ang karapatan maningil ang sahod ay may statute of limitations. Kapag lumipas na ang 2 taon mula sa araw ng pagbabayad ng sahod (*), malalapat ang statute of limitations at hindi na maaaring maningil.

*Binago ang Labor Standards act tungkol sa panahon ng statute of limitations para sa sahod na dapat bayaran pagkatapos ng Abril 1, 2020. Bagaman ang nasa teksto ay “5 taon,” itinakda ito na “3 taon” pansamantala bilang hakbang ng pagbabago.

Mas makabubuting kumunsulta sa mga eksperto tulad ng abugado kung ano ang dapat gawin.

Sinabihan ako ng kumpanya na “Maaari ka bang mag resign ng kusa?” Dapat ba kong tumugon rito?

Kahit na inirekomenda sa iyo na mag resign sa pagsasabi ng “Maari ka bang mag-quit?”, nasa manggagawa na kung tutugon siya rito o hindi, kaya wala kang obligasyon na tumugon. Kung wala kang balak mag-quit, mahalagang sabihin mo ito ng malinaw.

Kung nag resign ka matapos ng maling pagkaunawa ng pagkakaroon ng disciplinary actions ng kumpanya, o kung ikaw ay kinulong sa isang silid at walang tigil na pinipilit mag resign, posibleng igiit ang pagbawi sa deklarasyon ng intensyon na mag resign.

Bilang karagdagan, kung ikaw ay walang tigil na pinipilit mag resign kahit na sinabi mo na wala kang balak na mag-quit, maaari kang magdemanda para sa pinsala batay sa pamiminsalang sinadya.

Mas makabubuting gumawa ng memo o mag-record para mag-iwan ng ebidensya kung paano ka pinaparesign. Inirerekomenda namin na kumunsulta sa abugado sa lalong madaling panahon tungkol sa kung paano mag-iwan ng ebidensya at paraan ng pagtugon sa kumpanya. Kung kinakailangan ng kooperasyon ng kumpanya tungkol sa katayuan ng paninirahan, mahalagang kumunsulta sa lalong madaling panahon habang mayroon pang sapat na panahon ng paninirahan na natitira.

Binubully ako sa trabaho (hinaharass, power harassment). Ano ang dapat kong gawin?

Ang “pambubully at harassment sa trabaho” ay isang kilos na nakakasira sa interes o karapatan sa trabaho ng mga manggagawa tulad ng kanilang karangalan, privacy, pisikal na kaligtasan, kalayaan sa pagkilos, atbp., sa pamamagitan ng pagdudulot ng mental o pisikal na sakit sa mga manggagawang mahina sa trabaho o sa relasyong pantao, at sumisira sa kapaligiran sa trabaho.

Ang “power harassment sa trabaho” ay kilos na nagdudulot ng mental at pisikal na sakit na lampas sa wastong saklaw ng trabaho sa mga nagtatrabaho sa parehong lugar ng trabaho batay sa nakakataas sa lugar ng trabaho tulad ng katayuan at relasyon ng mga tao sa trabaho, atbp., o sumisira sa kapaligiran sa trabaho. Hindi lamang kung ano ang ginagawa ng boss sa mga tauhan, kundi pati na rin sa pagitan ng mga senior at junior, at mga kasamahan. Ginagawa rin ito sa mga boss ng mga tauhan.

May obligasyon ang employer na magbigay pagsaalang-alang upang mapanatili ang kapaligiran sa trabaho na komportableng makakapagtrabaho ang mga manggagawa, kaya kung hindi sila gumagawa ng mga angkop na hakbang para sa pambubully, atbp., mananagot sila sa pinsala bilang paglabag sa obligasyon na ito. Samakatuwid, bilang tugon sa pambubully, atbp., isaalang-alang na maaaring mag sampa ng provisional disposition na humiling na itigil ang mga kilos na ito o magdemanda para sa pinsala hindi lamang sa mga nambubully, kundi pati na rin sa employer. Kung ikaw ay nabubully sa trabaho, inirerekomenda namin na mag-iwan ng ebidensya nito sa isang memo o mag-iwan ng ebidensya nito sa pamamagitan ng pag record, atbp.

Bilang karagdagan, tungkol sa iba’t ibang uri ng pambubully at harassment sa trabaho, mas makabubuting kumunsulta sa eksperto tulad ng abugado o prefectural labor bureau.

Naaksidente ako habang nagmamaneho ng sasakyan ng kumpanya sa trabaho. Humihingi ang kumpanya ng kompensasyon. Dapat ba kong tumugon rito?

Maliban kung ito ay isang seryosong pagkakamali sa bahagi ng manggagawa, tulad ng pagmamaneho sa ilalim ng impluwensya ng alak, atbp., mataas ang posibilidad na hindi ka sisingilin ng kumpanya. Tungkol sa pagkakamali sa trabaho, kahit na may tuntunin na multa at penalty, ang tuntunin na ito ay invalid.

Kahit na naaprubahan ang singil ng kumpanya, hindi ito nangangahulugan na kailangan bayaran ang buong halaga ng pinsala. Huwag kaagad tumugon.

Bilang karagdagan, ang kumpanya ay hindi maaaring ibawas sa iyong sahod ang kompensasyon nang walang permiso. Kung binawasan ang iyong sahod nang walang permiso, maaring mag singilin ng manggagawa ng balanse.

Negosyo na nagbibigay ng impormasyon at legal na tulong para sa sibil na kaso ng Houterasu

Anong uri ng serbisyo ang maaari kong matanggap sa pagtawag sa Houterasu Multilingual Information Service?

Ang serbisyong ito ay maaaring magamit ng mga gumagamit ng banyagang wika bilang kanilang katutubong wika at kung nais nilang makakuha ng impormasyon sa legal na sistema ng Japan at konsultasyon.

Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng three-way call sa pagitan mo, ng interpreter, at ng Houterasu staff. Ang three-way call ay usapan sa pagitan ng tatlong tao kung saan ang ikaw ay tatawag sa numero ng Multilingual Information Service (0570-078377), at ang interpreter ang maglilipat ng tawag sa lokal na opisina o branch na iyong ninanais, at mag-uusap ikaw at ang Houterasu staff sa pamamagitan ng interpreter.

Kung gusto mong malaman ang tiyak na paraan kung paano dapat lutasin ang mga legal na problema, kinakailangan ng legal na konsultasyon sa mga eksperto. Sa Multilingual Information Service, ipapasa namin kayo sa consultation desk na makakatulong lutasin ang iyong problema kabilang ang libreng legal na konsultasyon ng Houterasu.

Kahit na sino ba ay maaaring makakuha ng libreng legal na konsultasyon ng Houterasu?

Ang Houterasu ay nagbibigay ng libreng legal na konsultasyon sa mga hindi makatanggap ng legal na tulong mula sa mga abugado o judicial scrivener dahil walang pera at may problema sa sibil at domestic na mga kaso (legal na tulong para sa mga sibil na kaso at tulong para sa legal na konsultasyon). Kinakailangan matugunan ang mga kinakailangan sa ibaba upang magamit ang sistema na ito.

- Ang kita at pag-aari ay nasa loob ng tiyak na pamantayan
- Pagkakaroon ng adres sa Japan at nananatili ng legal (Gayunpaman, kung ang katayuan ng paninirahan ang problema at nagsampa ka ng demanda sa pamamahala ng disposisyon ng mga awtoridad hinggil sa katayuan ng paninirahan, at tila tiyak na kinikilala ng korte ang katayuan ng paninirahan alinsunod sa judicial precedent, sa mga espesyal na kaso, maaaring ituring na natugunan mo ang mga kinakailangan kahit na wala kang katayuan ng paninirahan.)

Bilang karagdagan sa opisina ng Houterasu, ang tulong para sa legal na konsultasyon ay maaaring magamit sa mga lugar para sa konsultasyon na nakarehistro upang magbigay konsultasyon para sa legal na tulong para sa mga sibil na kaso, tulad ng Bar Association, Judicial Scrivener Association, atbp.

Para sa mga detalye, tumawag sa Multilingual Information Service (0570-078377). Ikokonekta ka ng isang interpreter sa pinakamalapit na opisina ng Houterasu at gagabayan ka sa pamamagitan ng three-way call (ikaw, interpreter, at Houterasu staff).

Kung hindi mo natugunan ang mga kinakailangan para sa legal na tulong para sa sibil na kaso, ipapakilala ka namin sa consultation desk na nag nagsasagawa ng legal na konsultasyon tulad ng Bar Association, Judicial Scrivener Association, lokal na pamahalaan, atbp. Ang ilang mga consultation desk ay nagbibigay ng legal na konsultasyon na may bayad.

<Mga kondisyon sa paaggamit ng tulong para sa legal na konsultasyon>

Kinakailangan matugunan ang anuman sa pamantayan A at B.

Pamantayan A Ang kita ay mababa sa tiyak na halaga

Maliban sa kaso ng dispute ng mag-asawa, ang halaga ay matutukoy sa pagkalkula ng kita at pag-aari ng asawa bilang prinsipyo.

Ang pamantayan ng buwanang kita (1/12 ng taunang kita kabilang ang mga bonus) ay ang sumusunod.

Solo	Pamilyang may dalawang tao	Pamilyang may tatlong tao	Pamilyang may apat na tao
182,000 yen pababa (200,200 yen pababa)	251,000 yen pababa (276,100 yen pababa)	272,000 yen pababa (299,200 yen pababa)	299,000 yen pababa (328,900 yen pababa)

*Ang nasa loob ng () ay pamantayan para sa mga malalaking lungsod tulad ng Tokyo, Osaka, atbp.

*Para sa pamilyang may limang katao o higit pa, magdaragdag ng 30,000 yen (33,000 yen) kada karagdagang tao.

*Kung may mga gastos tulad ng gastos sa medisina, edukasyon, atbp., katumbas na halaga ang ibabawas.

*Kung nagbabayad ng renta o mortgage, ang kabuuang halaga ay idadagdag sa loob ng halaga ng limitasyon sa ibaba sa pamantayan ng kita sa itaas. Ang nasa loob ng () ay ang maximum na halaga na maaaring idagdag ng mga residente sa special ward ng Tokyo.

Solo	Pamilyang may dalawang tao	Pamilyang may tatlong tao	Pamilyang may apat na tao o higit pa
41,000 yen (53,000 yen)	53,000 yen (68,000 yen)	66,000 yen (85,000 yen)	71,000 yen (92,000 yen)

Pamantayan B Ang mga pag-aari ay mababa sa tiyak na halaga

Kinakailangan matugunan ang mga sumusunod na pamantayan para sa kabuuan ng cash at deposito.

Solo	Pamilyang may dalawang tao	Pamilyang may tatlong tao	Pamilyang may apat na tao o higit pa
1.8 milyong yen pababa	2.5 milyong yen pababa	2.7 milyong yen pababa	3 milyong yen pababa

Nais kong humiling ng solusyon sa problema sa abugado o judicial scrivener. Ano at magkano ang gastos para dito?


Karaniwan, ang mga uri ng gastos na babayaran sa abugado o judicial scrivener ay ang bayad sa legal na konsultasyon, retainer fee, incentive pay, handling fee, aktwal na gastos, pang araw-araw na allowance, bayad sa pagbibigay ng payo, atbp.

Ang mga indibidwal na abugado at judicial scrivener ang nagtatakda ng pamantayan ng mga gastos na ito at walang karaniwang na presyo.

Bilang karagdagan, nagsasagawa kami sa Houterasu ng libreng legal na konsultasyon sa mga hindi makatanggap ng legal na tulong mula sa mga abugado o judicial scrivener dahil walang pera at may problema sa sibil at domestic na mga kaso, at mayroong sistema na legal na tulong para sa sibil na kaso kung saan pansamantalang magbabayad sa mga gastos para sa abugado o judicial scrivener at mga gastos sa paglilitis, atbp.

Kinakailangan matugunan ang mga kinakailangan tulad ng ang kita at pag-aari ay nasa loob ng tiyak na pamantayan, hindi masasabi na hindi mananalo sa kaso, at naaangkop sa layunin ng legal na tulong para sa sibil na kaso upang magamit ang sistema ng legal na tulong para sa sibil na kaso. Kung gagamitin ang sistema ng pagbabayad para sa abugado o judicial scrivener, ang gastos ay itinakda batay sa pamantayan ng Houterasu. Ang itinakda na gastos ay pansamantalang ibabayad ng Houterasu sa abugado o judicial scrivener ng isang kabuuan. Bilang pangkalahatang tuntunin, ibabalik ng gumagamit ang buong halaga sa Houterasu sa pamamagitan ng pagbabayad ng installment.

Para sa mga katanungan tungkol sa sistema ng pagbabayad, tumawag sa Multilingual Information Service (0570-078377). Magbibigay ng paliwanag ang Houterasu staff sa pamamagitan ng isang interpreter.



日本司法支援センター

法テラス